# CCS Enhanced Care Management (ECM) Fact Sheet

## Ano ang ECM?

Nangangahulugan ang ECM na Enhanced Care Management (Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga). Isa itong bagong benepisyo na bahagi ng Medi-Cal para sa mga miyembro ng Alameda Alliance. Puwedeng makuha ng mga eligible na kliyente ng CCS ang benepisyong ito sa pamamagitan ng Alameda County CCS o mula sa iba pang mga ECM provider. Libre ito para sa mga aprubado. Magkakaroon ang bawat eligible (kuwalipikado) na kliyente ng Lead Care Manager (Mamumunong Tagapamahala ng Pangangalaga). Nakikipag-partner ang Lead Care Manager sa mga kliyente at pamilya sa mga pangangailangan sa buhay sa kalusugan. Hindi pinapalitan ng ECM ang mga serbisyo ng CCS. Nag-aalok ito ng mga karagdagang serbisyo para makatulong sa mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya sa CCS. Puwedeng makatulong ang ECM sa mga kliyente ng CCS sa mga bagay na ito at marami pa:

- Paghahanap ng mga doktor, in-home care (pangangalaga sa tahanan), dental care (pangangalaga sa ngipin), at suporta sa mental health (kalusugan ng isip)
- Pagkokonekta sa mga resource (sanggunian) ng komunidad
- Pagpapa-appointment at pakikipag-usap sa mga provider (tagapagbigay)

## Sino ang makakakakuha ng ECM?

Ang mga kliyente ng CCS na mga miyembro ng Alameda Alliance AT may mga alalahanin na nakakaapekto sa kalusugan nila. Posibleng humaharap ang kliyente o pamilya sa:

- Kawalan ng stable na pabahay
- Mga pangangailangan sa pagkain
- Mga problema sa mental health o paggamit ng substansya
- Mga pagbisita sa ospital
- Kawalan ng stable (tuloy-tuloy) na suporta sa in-home care



## Paano makakuha ng ECM

- Puwedeng mag-refer ang sinuman ng isang kliyente ng CCS para sa ECM.
- Puwedeng humiling ng ECM ang mga kliyente sa pamamagitan ng pagtawag sa Alameda Alliance Case Management Department (Kagawaran sa Pamamahala ng Kaso ng Alameda Alliance) sa 510-747-4512.
- Puwedeng mag-refer ang mga provider sa pamamagitan ng pagsagot sa ECM Approval Request form (form sa Pag-abruba ng Kahilingan sa ECM), na makikita sa website na ito: acphd.org/ccs/ecm. Ipadala ang form sa Alameda Alliance sa pamamagitan ng fax (1-510-995-3725) or email (ECM@alamedaalliance.org). Tawagan ang CCS ECM Help Line (510-208-1030) para sa tulong sa pagsasagot ng form.
- Maaprubahan (awtorisado) man o matanggihan, ipapaalam ito ng Alameda Alliance sa kliyente. Kung maaaprubahan ang kliyente, tatawagan siya ng CCS o iba pang ECM provider.

## Ano ang nangyayari sa ECM

Makikipagkita ang Lead Care Manager (Mamumunong Tagapamahala ng Pangangalaga) sa isang lugar na pipiliin ng kliyente o sa pamamagitan ng telepono o video. Puwede siyang samahan ng mga kapamilya, tagapag-alaga, at mga taong sumusuporta. Makikinig ang Lead Care Manager (Mamumunong Tagapamahala ng Pangangalaga) sa mga pangangailangan at layunin ng kliyente. Magkasama silang gagawan ng care plan para matugunan ang mga pangangailangan niya. Makikipag-ugnayan ang Lead Care Manager sa mga kliyente para matugunan ang mga layunin sa plano. Makikipag-usap din siya sa CCS Nurse Care Manager (Nars ng CCS na Tagapamahala ng Pangangalaga) at iba pang provider para matulungan ang kliyente na makuha ang pangangalagang kailangan niya.

## Sino ang puwedeng sumagot ng mga tanong tungkol sa ECM?

Puwedeng sumagot ang CCS ECM staff ng anumang tanong tungkol sa ECM mula sa mga kliyente, tagasuporta, at provider. Pakitawagan ang 510-208-1030. Puwede ka ring pumunta sa CCS website para matuto pa: acphd.org/ccs/ecm.